

NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

ISSN 2345-8194 | Tomo 3 Blg.6

Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Nobyembre-Disyembre 2015

Muñoz City pinangunahan ang ika-siyam na Gatas ng Kalabaw Festival ng Nueva Ecija

Ni Ma. Cecilia C. Irang

Ang ika-siyam na edisyon ng taunang Gatas ng Kalabaw Festival ng Nueva Ecija ay muling ipinagdiwang noong Disyembre 9 sa patuloy na pagpupursige ng probinsiya na makilala at madeklarang “Dairy Capital of the Philippines”.

Ang Science City of Muñoz ang nagsilbing *host* sa selebrasyon na kung saan ay kasabay ding ipinagdiwang ang 15th *charter anniversary* at 3rd Uhay Festival ng bayan.

Layunin ng Gatas ng Kalabaw Festival na itaguyod ang gatas ng kalabaw hindi lamang para sa ikauunlad ng ekonomiya kundi maging sa ikagaganda ng kalusugan at nutrisyon ng mga magsasakang-maggagatas at ng kanilang pamilya at ng mga mamimili sa pangkalahatan.

Ang pagdiriwang ay nagsimula sa isang parada na nilahukan ng mga opisyaes mula sa mga ahensiya ng gobyerno, mga lokal na pamahalaan at *dairy cooperatives* mula sa bayan ng Gen. Natividad, Llanera, San Jose City, Science City of Muñoz at Talavera.

“Layunin ng *festival* na ito na maipakita ang kahalagahan ng gatas ng kalabaw hindi lamang sa mga magsasaka kundi maging sa ating lahat,” ani Dr. Nestor L. Alvarez, mayor ng Science City of Muñoz, sa kanyang pambungad na pananalita sa programang ginanap sa *gymnasium* ng nasabing bayan.

Tampok sa pagdiriwang ang makahulugang “tagay pugay”, ito ay ang sabay-sabay na pagtagay at pag-inom ng gatas kasama ang mga batang mag-aaral at mga representante mula sa *partner private institutions* at *government agencies*. Binigyang-diin dito ang kahalagahan ng pagsisikap ng maraming sektor sa pagtataguyod at pagpapa-unlad ng lokal na industriya ng paggagatasan sa Nueva Ecija, na National Impact Zone ng Carabao Development Program (CDP) ng Philippine Carabao Center (PCC).

(Sundan sa p.3)



(l-r) Pinangunahan nina Jocelyn O. Ramones, *program officer I* ng Department of Agrarian Reform Provincial Agrarian Reform; Brigida Pili, *provincial director* ng Department of Trade and Industry; Board Member Joseph Ortiz, 2nd district ng Nueva Ecija; Mikki Violago, asawa ni Rep. Joseph Violago; Dr. Felomino V. Mamuad, *deputy executive director* ng Philippine Carabao Center (PCC); Science City of Muñoz Mayor Nestor L. Alvarez; at *city councilor* Dr. Edmond J. Balmeo ang ceremonial slicing ng 6x4 square feet kesong puti na inihanda ng PCC.

Magsasakang-maggagatas, tinalakay ang 2M litrong gatas na target para sa 2016

Ni Ma. Cecilia C. Irang

Nagpulong kamakailan ang mga magsasakang-maggagatas na miyembro ng iba't-ibang *dairy cooperatives* na inaasistahan ng Philippine Carabao Center (PCC) sa Nueva Ecija para talakayin ang kani-kanilang mga magiging kontribusyon sa pagtatamo ng target na dalawang milyong litro ng gatas sa 2016.

Umabot sa 53 magsasakang-maggagatas ang lumahok sa pagpupulong noong Nobyembre 4 sa PCC National Headquarters and Gene Pool sa Science City of Muñoz. Sa bilang na ito, 38 ang *chairmen* at *representatives* ng iba't-ibang *dairy cooperatives* sa Nueva Ecija, na *national impact zone* sa *carabao dairying*, habang 15 naman ang mga kawani ng PCC.

Ang aktibidad ay isinulong ng Dairy Herd Improvement Program-Enterprise

(Sundan sa p.3)



Si Dr. Felomino V. Mamuad, PCC *deputy executive director*, habang hinihikayat ang mga magsasakang-maggagatas na magtulungan upang makamit ang target na dalawang milyong litro ng gatas sa 2016.

(Sundan sa p.3)

2M litrong gatas ng kalabaw sa Nueva Ecija

Ni Wilma T. Del Rosario



Ang “ASEAN Economic Integration” ay nagsimulang ilunsad ngayong taon. Ito ang simula ng bukas na kalakalan sa mga kasaping bansa ng ASEAN: Brunei Darussalam, Cambodia, Indonesia, Lao PDR, Malaysia, Myanmar, Philippines, Singapore, Thailand at Viet Nam. Dahil dito, maaari nang magbenta ng mga murang produktong agrikultural ang mga karatig-bansa at magiging malaki ang epekto nito sa mga produktong gawa sa Pilipinas.

Kaya napapanahon at tunay na kinakailangang maitaas ang ani at

kalidad mula sa pagsasaka, kabilang na rito ang produksyon ng gatas ng kalabaw para mas maihanda at mapasigla ang pagnenegosyong salig dito.

Sa kasalukuyan, ang lalawigan ng Nueva Ecija ay may 3,104 na populasyon ng may mataas na lahi ng gatasang kalabaw, bahagi nito ay ang 500 na gatasang kalabaw na nagtala ng may pinakamataas na produksyon ng gatas ng kalabaw noong 2014 na halos 520,000 litrong gatas. Ang mga kalabaw na ipinagkaloob ng pamahalaan ang magsisilbing pangganyak, sa marami pang magsasaka na may-ari ng mga crossbred at katutubong kalabaw, namumuhunan, at iba pang may kakayahang tumulong para maabot ang produksyong 2 milyong litrong gatas.

Ang lalawigan ng Nueva Ecija ay mayroon nang kabuuang naitalang 749,768.80 litrong inaning gatas mula 696 sa mga purong gatasang kalabaw na naipahiram ng PCC sa 50 kabalikat na kooperatiba simula ng Enero hanggang Nobyembre ng taong kasalukuyan. Ang katumbas na halaga ng gatas na ito ay may kabuuang P38,632,575.04. Inaasahan pang tataas ang aanihing gatas ng mga kabalikat na kooperatiba sapagkat mayroon pang 291 na mga buntis na kalabaw na maaaring manganak ngayong buwan ng Disyembre 2015 hanggang sa unang tatlong buwan ng 2016. Upang matiyak ang katagumpayang maabot ang produksyon ng 2 milyong litrong gatas ng kalabaw, ang mga sumusunod ay kasama sa mga plano at istrategiya na dapat isagawa ng mga kabalikat sa Nueva Ecija:

Maggagatas:

1. Pagbutihin ang pag-aalaga at pangangasiwa ng mga gatasang kalabaw sa pamamagitan ng wastong pagpapakain, napapanahong pagpapabuntis, pag-iwas sa mga sakit at iba pa;
2. Maggatas ng dalawang beses sa maghapon;
3. Magbenta ng malinis at mataas na kalidad ng gatas.

Nagpo-proseso ng gatas at negosyante:

1. Gumawa ng masustansiya at mga de-kalidad na produkto
2. Makipag-ugnayan sa mga maggagatas at palawakin ang merkado ng gatas at mga produktong gatas;
3. Isaayos ang “License to Operate” (LTO) ng mga processing facilities mula sa Food and Drug Administration (FDA).

Tagapagbigay ng serbisyo at mga produktong gamit sa pagatasan:

1. Magbigay ng mabilis at maayos na serbisyo sa paglilipat ng mga teknolohiya sa pangangalaga at pangangasiwa ng gatasang kalabaw;
2. Magtatag ng mga negosyong makatutulong sa produksyon ng pagpapakain ng kalabaw katulad ng burong pagkain (*silage*), tuyong damo (*hay*), konsentreyt at iba pa, upang matugunan ang pangangailangan na pagkain ng kalabaw;
3. Gumawa ng mga pamamaraan para bumaba ang gastusin sa produksyon ng gatas ng kalabaw.

Pambansa at lokal na pamahalaan o ahensiya:

1. Sama-samang pagtulong sa mga magsasakang gumagatas sa pamamagitan ng mga bagong teknolohiyang bunga ng masusing pananaliksik, suportang *financial* at iba pang pamamaraan (*innovations*) upang tumaas ang produksyon ng gatas;
2. Bumalangkas ng mga programa upang makakuha ng karagdagang pondo para makabili ng mga gatasang kalabaw, makinarya at iba pang gamit sa pagatasan;
3. Bumalangkas at magpatupad ng mga angkop na polisiya at ordinansa para magkaroon ng maayos na pagnenegosyo sa pagatasan.

23 magsasaka-katiwala mula sa National Impact Zone dumaan sa 2 araw na pagsasanay sa *social preparation*

Ni Chrissalyn L. Marcelo

Dalawampu’t tatlong prospektibong magsasaka-katiwala mula sa National Impact Zone sa Nueva Ecija ang sumailalim sa dalawang araw na pagsasanay sa Philippine Carabao Center (PCC) National Headquarters and Gene Pool sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija noong Nobyembre 5-6.

Ang pagsasanay ay isa sa mga *requirements* ng PCC para sa programa nitong 25 *dairy cow module* na pagpapamahagi ng gatasang kalabaw.

Layunin ng pagsasanay na ihanda ang kaisipan ng mga prospektibong magsasaka-katiwala sa inaaplayan nilang programa sa pamamagitan ng mga lekturs, diskusyon at mga aktibidad na isinagawa patungkol sa programang 25 *dairy cow module*.

Ayon kay Wilma T. Del Rosario, isa sa mga nagsilbing tagapagsalita sa pagsasanay at isa sa mga nagsagawa ng aktibidad, ang pagsasanay ay mahalaga upang maunawaan ng mga prospektibong magsasaka-katiwala ang kaukulang responsibilidad at *accountability* nila sa aalagaang gatasang kalabaw na igagawad ng PCC.

“Dito ay iminumulat namin ang kaisipan ng mga kalahok sa programa upang maihanda silang mabuti at makaya nila ang pag-aalaga ng kalabaw,” ani Del Rosario.

“Bukod pa rito, ipinaalam rin namin sa kanila na may mga dapat rin silang maging bahagi sa programa at may mga *requirements* na dapat ihanda para lubos na maging matagumpay ito,” ani Del Rosario.

Kabilang sa mga dapat nilang itaya rito, aniya, ay ang pag-*invest* nila rito ng salapi, partikular sa pagbabayad ng *mortuary fund* na nakapaloob sa lalagdaan nilang kontrata, at iba pang gastos sa pag-aalaga ng kalabaw; pagtataya ng sarili nila mismo para sa mga gawaing pagpapalakas ng samahan sa kooperatiba; at sa paglalaan nila ng panahon para maalagaan ang makukuha nilang gatasang kalabaw.

Bukod pa rito, ani Del Rosario, inaasahan ring ang mga magsasaka-katiwala ay maghahanda ng kulungan para sa aalagaang kalabaw at lupang pagtatamnan ng damong napier na pakain sa mga hayop; at iba pa.

“Ipinaliliwanag din namin sa mga kalahok ang kontratang kanilang lalagdaan at isusumite para sa proyekto,” ani Del Rosario.

Banggit niya, bago na ang kasunduan na lalagdaan ng mga mga prospektibong magsasaka-katiwala ng PCC.

Ganoon din, aniya, ito na ang kontratang gagamitin ng mga magsasakang-maggagatas na nakahiram na ng kalabaw sa PCC.

“Mula sa dating kontrata na pahiram lang ang kalabaw, ngayon ay magiging pag-aari na nila ito. Nguni’t, kaiba sa dating kontrata, ang kasunduan ngayon ay ang PCC na ang magmamay-ari sa unang anak ng kalabaw na naipamahagi at hindi rin maaaring ipagbenta ng napagkalooban ng kalabaaw ang hayop maliban na lamang kung ito ay matanda na at hindi na produktibo,” paliwanag ni Del Rosario.

Aniya, maaari ring bawiin ang kalabaw kung mapatunayan ng PCC na ito ay hindi ginagamit sa paggagatas.

“At gaya pa rin ng dating kontrata, ang mga susunod na anak ng naipagkaloob na kalabaw sa magsasaka ay paghahatian pa rin ng PCC at ng napagkalooban ng hayop mula o 50:50 *sharing scheme* na pinatutupad ng ahensiya,” paliwanag ni Del Rosario.

Ani Del Rosario: “Binuo ang bagong kontrata upang lubos pang maging maayos ang pagpapamahagi ng PCC ng gatasang kalabaw”.

Samantala, ayon naman sa mga lumahok sa pagsasanay, ang isinagawang *social preparation training* ay lubos na nakatulong ng malaki sa kanila para lubos na maunawaan ang proyekto ng PCC. Anila, sila ay mas lalong naging handa dahil sa mga realisasyon na ipinabatid sa kanila ng ahensiya na maaari nilang kaharapin sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw sa hinaharap.

Ang mga kalahok ay mula sa Aglipay Dairy Producers Cooperative (ADPC), Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC), Caudillo Prutas at Gulay Producers Cooperative (CPGPC) at Bagong Pagasa sa Bagong Talavera (BPBT). Ilan lamang ang mga ito sa mga kooperatibang ginagabayan ng PCC sa Nueva Ecija.

Ang mga nabanggit na kooperatiba ay matatagpuan sa Barangay Aglipay, Rizal; Barangay Sibut, San Jose City; Barangay Caudillo, Cabanatuan City; at Barangay Minabuyok, Talavera, sa gayong pagkakasunud-sunod.

Ang mga nagsagawa ng pagsasanay ay ang grupo ng Dairy Herd Improvement and Enterprise Development (DHIP-ED) unit ng PCC.

Muñoz City pinangunahan... (mula sa p.1)



Ang mga representante mula sa partner private institutions at government agencies habang ginagawa ang makahulugang "tagay pugay".

Naghanda rin ang PCC ng kesong puti na may sukat na 6x4 square feet at pan de sal na nagsilbing almusal ng mga kalahok.

Ang iba pang mga aktibidad na naganap ay ecumenical service, trade fairs, milk feeding program at cooking demo kung paano gumawa ng mozzarella at pastillas tart.

Hinikayat naman ni Dr. Felomino V. Mamuad, PCC deputy executive director, ang mga nakilahok sa pagdiriwang na tulongang paunlarin ang industriya ng paggagatas sa bansa at tulongang maparami pa ang gatas na maaani sa Nueva Ecija para madeklara ito bilang "Dairy Capital of the Philippines".

Ipinaabot din niya ang pasasalamat ng PCC sa mga local government units (LGU) ng Nueva Ecija at iba pang mga ahensiya na sumusuporta sa pagpupunyagi ng PCC na mapaunlad at mapalakas pa ang lokal na industriya ng paggagatas para sa kapakinabangan ng mga lokal na magsasakang-maggagatas.

Sa pangunguna ng Department of Trade and Industry (DTI), kaakibat ang Science City of Muñoz LGU, ang Gatas ng Kalabaw Festival ay naglalayon ding maitaguyod ang mga lokal na produkto at para malaman at tangkilin ng mga tao ang mga produktong gawa ng probinsiya.

Ang festival na nagsimula noong 2007 ay may technical working groups kabilang ang PCC, DTI, Department of Agrarian Reform (DAR), Department

of Agriculture (DA) maging ang mga LGUs.

Kabilang ang LGU ng San Jose, Llanera, Talavera, General Natividad, at Science City of Muñoz sa pangunguna ng festival bilang bahagi ng pagsisikap nitong maitaguyod ang sistemang one-town-one-product (OTOP).

Binigyang-diin ni DTI Provincial Director Brigida Pili sa madla ang hangarin ng probinsiya na makilala bilang "Dairy Capital of the Philippines".

"May mga iba ring probinsiya na naghahangad na makamit ang titulong ito, pero para sa akin, hindi ko naman binubuhay ang upuan natin, alam ko at alam din ng PCC na ang Nueva Ecija ang may pinakamaraming kalabaw at pinakamaraming litro ng gatas na naaani. Kaya ano pa ang hinihintay natin? Magtutungan tayo na makamit ang ating pangarap na maging 'dairy capital of the Philippines'. Sana po magmula sa ating lahat ang kasigisigan para makamit natin ang ating pangarap," wika niya.

Sa programa ay inilad ng DTI provincial director na sa kasalukuyan ang ahensiya ay nakapagkaloob na ng milking machines sa 13 dairy cooperatives. Sinabi rin niya na bago matapos ang taong 2015, magkaloob naman sila ng kasangkapan na may halagang Php300,000 sa Catalanacan Multi-Purpose Cooperative bilang bahagi ng programang "Shared Service Facilities" ng DTI.

Magsasakang-maggagatas... (mula sa p.1)

Development/National Impact Zone team (DHIP-ED/NIZ) ng PCC.

"Ipinakita namin sa kanila ang performance ng bawat kooperatiba noong 2014 at 2015. Mula sa datos, kanilang napag-alaman kung ilan ba dapat ang magiging kontribusyon nila para makapag-ambag sa target na dalawang milyong litro ng gatas para sa 2016 base sa kung ilan 'yong hayop nila at ilan ang dapat mabuntis at magatasan," paliwanag ni Wilma Del Rosario, PCC senior science research specialist.

Sinabi rin niya na ang pagpupulong ay para rin sa pagpapalano ng mga dairy co-ops kung paano nila tutugunan ang mga problema at suliranin sa kooperatiba at kani-kanilang kalabaw para matiyak ang mataas na produksiyon ng gatas.

Nagbigay naman ng update si Dr. Peregrino G. Duran, DHIP-ED/NIZ coordinator, ukol sa pangkalahatang pagsusuri sa operasyon ng NIZ, tulad ng animal inventory at herd performance. Hinikayat din niya ang mga kooperatiba na aktibong makipagtutungan sa pagkakamit sa target na dalawang milyong litrong gatas.

Nagsilbing tagapagsalita sina DHIP-ED/NIZ extension veterinarian Dr. Cecilio Castañeda, livestock specialist Genaro Candelaria at science research specialist II Dr. Lester S. Verona para sa paksang animal health, breeding at calf production.

Ipinaliwanag naman ni Mario Delizo, project development officer II, ang buod ng mga paksang tinalakay at nagbigay din siya ng karagdagang payo kung paano makakamit ang target na dalawang milyong litro ng gatas sa Nueva Ecija.

Samantala, binigyang-diin ni Dr. Felomino V. Mamuad, PCC deputy executive director, ang kahalagahan ng dalawang beses na paggagatas sa araw-araw para maabot ang target na produksiyon ng gatas.

"Ang dalawang milyon na litro ng gatas ay hindi maaabot kung hindi kayo gagatas ng dalawang beses sa isang araw. Magtutungan tayo para makamit natin 'yang target na 'yan. Pangarap ko pa nga para sa inyo ay magkaroon kayo ng anak na mapag-aaral ninyo ng entrepreneurship para matuto sa pamamahala at pagpapatakbo ng kooperatiba. Turuan ninyo ang inyong mga anak, sila rin balang-araw ang magtutuloy ng nasimulan niyo," ani Dr. Mamuad.

Ang mga kalahok ay mula sa Aglipay Dairy Producers Cooperative, Agpapa Irrigators Association, Angat Buhay Producer Cooperative, Bibiclat Dairy Producers Cooperative, Cabisuculan Dairy Cooperative, Casile Dairy Producers Cooperative, Catalanacan Primary Multi-Purpose Cooperative, Dimasang Sur Credit Cooperative, Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative, Guiset Organic Farmers Credit Cooperative, Kabulihan Farmers Producers Cooperative, Kadre Development Cooperative, Kapitbahayan Multi-Purpose Cooperative, Makabagong Kooperatiba ng Bantug Primary Multi-Purpose Cooperative, Nag-iisang Masikap Multi-Purpose Cooperative, New Mamandil Cooperative, PAO Producers Cooperative, Pulong Buli Primary Multi-Purpose Cooperative, Rizal west CASCI, Samahan Sto. Monica para sa Likas Kayang Pag-unlad, San Rafael Dairy Producers Cooperative, Simula ng Panibagong Bukas Producers Cooperative, San Vicente Dairy Producers Cooperative, United Farmers Producers Cooperative, Licaong Dairy Producer Cooperative, NEFEDCCO, Caudillo Gulay at Prutas Producers Cooperative, Punla Multi-Purpose Cooperative, at Bagong Pag-asa sa Bagong Talavera.



Si Mario Delizo, project development officer, habang ipinaliwanag ang mga paksang tinalakay sa pagkamit sa target na 2 milyong litro ng gatas sa 2016.

EPMPC sa San Jose City, patuloy sa paggawa ng mga de-kalidad na produktong mula sa gatas ng kalabaw

Ni Ma. Cecilia C. Irang

“Patuloy kaming gumagawa ng iba’t-ibang produkto bilang paghahanda na rin namin kung sakaling masyadong marami ang maaaning gatas ng aming kooperatiba. Sa ganitong paraan, di masasayang ang aning gatas at tiyak na may dagdag-kita ang aming mga miyembro at ang aming kooperatiba.”

Ito ang pahayag at pagbibigay-diin ni Racquel Sambrano, *food technology processor* ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC) sa Sibut, San Jose City, kung bakit patuloy silang nagsisikhay na gumawa ng iba’t ibang produkto mula sa gatas ng kalabaw.

Si Sambrano ay nakatapos ng kursong Food Technology sa Central Luzon State University, Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

Sa kasalukuyan, ang EPMPC ay nakadebelop na ng mga karagdagang produkto na tulad ng buko *pie*, *yema tart*, *buko tart*, at *pastillas tart*. Ang mga ito ay karagdagan sa hanay ng mga dati na nitong mga produkto na *chocomilk*, *lactojuice*, *pastillas*, *lechetin*, *fresh milk*, kesong puti, *polvoron*, at *esposol*.

Ang mga konsiderasyon na isinaalang-alang ng EMPC, ani Sambrano, sa paggawa ng mga produktong mula sa gatas ng kalabaw ay ang panlasa ng tao at *shelf life* ng mga produkto o ang tagal bago masira o mapanis ang produkto. Mahalaga rin, aniya, na abot-kaya ang

presyo ng mga ito at maganda ang kalidad para patuloy na tangkilikin ng mga mamimili.

“Sa ngayon, nag-iisip pa kami ng iba pang idedebelop na produkto na medyo mahaba ang *shelf life* kasi madaling masira ang gatas. Kaya namin naisip gumawa ng mga *tarts* ay dahil umaabot ang mga ito ng dalawang linggo bago masira,” ani Sambrano.

Nakadepende sa dami ng order kung ilan ang gagawin nilang buko *pie* at mga *tarts*, aniya. Ang kadalasang umoorder sa kanila, ayon sa kanya, ay Dairy Box, Philippine Carabao Center (PCC), at Department of Trade and Industry. Karaniwang pangmeryenda ang mga ito kapag nagdaraos ng seminar ang mga ahensiyang natukoy.

Umaabot sa 300 piraso ng buko *pie* ang pinakamaraming order sa kanila at 100 piraso naman ang sa *tarts*.

Ipinagbibili nila ang buko *pie* sa halagang Php40 habang Php10 naman ang *tart*.

Trial-and-error

Karaniwan ay tumatagal ng halos kalahating buwan bago pumasa sa *sensory evaluation* na isinasagawa ng PCC ang mga produkto ng EPMPC. Mahalaga kasi na maging maayos muna ang timpla at lasa nito bago ibenta sa publiko.

“Sa buko *pie*, nakadalawang beses akong ulit na gumawa bago naging maayos ‘yong lasa. *Trial-and-error* din. Noong una, masyado itong matamis kaya’t inulit ko



Isa ang buko tart sa mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw na dinedebelop ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative sa San Jose City.

at ipinasuring muli at sa huli ay naging maayos naman na,” sabi ni Sambrano.

Naging maayos naman ang pagtanggap ng mga mamimili sa kanilang mga produkto partikular na sa mga kabataan at *middle class*, ayon sa *food technology processor* ng EMPC. Ito, aniya, ay dahil sa purong gatas ng kalabaw talaga ang ginamit nila sa *crust* o pang-ibabaw ng buko *pie* at sa *tarts* at walang halong tubig.

“Sa pagkakaalam ko, kami lang dito sa San Jose ang may buko *pie* na gawa sa gatas ng kalabaw,” pagmamalaki ni Sambrano.

Sa ngayon ay pinaplano na rin niyang gumawa ng *cookies* na dahil may sangkap nga ng gatas ng kalabaw ay may mataas

na *nutritional value*.

“Sa mga gusto ring magdebelop ng mga produktong mula sa gatas ng kalabaw, ang maipapayo ko lang ay huwag silang matakot magkamali kasi minsan kapag nagkakamali ka ‘yon ang magiging daan mo para mas pagbutihan mo sa susunod na magbubunga ng magandang resulta,” wika ni Sambrano.

Samantalang ipinagpapatuloy ng EMPC ang pagdebelop ng mga bagong produkto at lalong pinahuhusay ang mga dati na, patuloy naman ang pagsasaayos ng *labeling* at *packaging* ng mga ito para lalong maging kaaya-aya sa mga mamimili.

NIZ Balitaan

Inilalathala ng Philippine Carabao Center,
isang ahensiyang nasa ilalim ng
Kagawaran ng Agrikultura

Eric P. Palacpac
Patnugot

Ma. Cecilia C. Irang
Tagapamahalang patnugot

Ma. Cecilia C. Irang
Layout at Disenyo

Ma. Cecilia C. Irang
Chrissalyn L. Marcelo
Mga manunulat

Khrizie Evert M. Padre
Katulong na Patnugot

Wilma T. Del Rosario
Nag-ambag ng artikulo

Chrissalyn L. Marcelo
Marilou A. Vallarta
Tagapamahala sa Sirkulasyon

Anselmo S. Roque
Kasanguni

Eric P. Palacpac
Hepe, Knowledge Management Division

Arnel N. Del Barrio
Pinunong Tagapagpaganap

PARA SA KARAGDAGANG KATANUNGAN, MAKIPAG-UGNAYAN SA MGA SUMUSUNOD:

Pangalan	Katungkulan o Gawain	Cellphone Number
Dr. Peregrino G. Duran	Team Leader, DHI-ED/NIZ (Breeding Management Concern)	0917-566-3278
Dr. Lester S. Verona	Veterinarian/Field Technician (Animal Health/Breeding)	0929-865-7893
Dr. Cyril P. Baltazar		0917-517-3843
Mr. Genaro Candelaria	Livestock Specialist	0922-363-0943
Mr. Mario M. Delizo	Field Technician (Breeding/AI)	0932-868-3318
Ms. Wilma T. Del Rosario	Cooperative Management and Monitoring	0922-875-4250
Ms. Estella P. Valiente	Participatory Monitoring and Evaluation	0943-642-7573
Mr. Jerome D. Paray	Forage Specialist	0935-190-0791
Ms. Marilou A. Vallarta	Administrative Staff	0915-639-3785